PAPEL NG DAPAT MALAMAN

Magkakaroon ng mga Pagbabago sa Pangangalagang Pangkalusugan sa 2014

COVERED CALIFORNIA™

Mga Bagong Pagpapabuti sa Pamilihan ng Segurong Pangkalusugan

Ang Patient Protection and Affordable Care Act (Affordable Care Act) ay ang pederal na batas na ipinasa noong 2010 na nagkakaloob ng abot-kayang segurong pangkalusugan sa mas maraming Amerikano.

Babaguhin ng makasaysayang batas ang paraan na ang mga kompanya ng segurong pangkalusugan ay nagkakaloob ng pagsakop ng seguro, gayon din ng paraan na bumibili ng seguro ang mga mamimili. Itong papel ng dapat malaman ay naglalarawan ng ilan sa mga pagbabagong nangyayari sa segurong pangkalusugan.

Mga Mahahalagang Pagbabago para sa mga Mamimili

Mas Maramiing Mapipiling Segurong Pangkalusugan. Ang Affordable Care Act ay nagtatatag sa estado ng mga lugar ng pamilihan, kung saan ang mga tao at mga maliliit na negosyo ay makakapili ng segurong pangkalusugan sa Internet, nang personal o sa pamamagitan ng telepono. Ang mga pamilihang ito ay tutulong na gawin ang segurong pangkalusugan na mas makatwiran ang presyo at mas madaling makuha. Ang pamilihan ng California, pinangalanang Covered California™, ay mag-aalok sa milyun-milyong taga-California ng iba't ibang mga plano sa segurong pangkalusugan na mabibili.

Abot-kayang Seguro at Pinansiyal na Tulong. Ang Covered California ay tutulong sa mga tao at pamilya na malaman kung sila ay maaaring makakuha ng pederal na pinansiyal na tulong na magbabawas sa gastos sa segurong pangkalusugan o kung sila ay kuwalipikado para sa libreng segurong pangkalusugan sa pamamagitan ng Medi-Cal. Magagawa rin ng maraming maliliit na negosyo na magkaloob ng segurong pangkalusugan ng empleyado, gamit ang pederal na mga kredito sa buwis upang bawasan ang mga halaga ng hulog.

Mga Proteksiyon para sa mga Mamimili. Lahat ng mga plano sa segurong pangkalusugan (hindi kabilang ang karamihan ng mga plano bago ang Marso 10, 2010) ay dapat magkaloob ng segurong pangkalusugan para sa mga tao at sa kanilang mga pamilya kahit kung ang isang tao ay may kondisyong medikal tulad ng diyabetis o hika. Ang segurong pangkalusugan na iyon ay hindi maaaring alisin kung ang isang tao ay magkasakit. Ang mga mamimili ay hindi maaaring pagkaitan ng plano sa segurong pangkalusugan kung sila ay makagawa ng tapat na pagkakamali kapag nagkukumpleto ng aplikasyon.

Nadagdagang Pagsakop. Pinalalakas ng Affordable Care Act ang Medicare, Medicaid (Medi-Cal sa California) at ibang napakahalagang mga programa para sa milyun-milyon. Bilang karagdagan, ang mga wala pang 26 na taong gulang at ang mga magulang ay may segurong pangkalusugan ay maaari nang isama sa plano sa segurong pangkalusugan ng kanilang mga magulang.

Mga Multa para sa Hindi Pagkakaroon ng Pagsakop ng Seguro. Simula sa Enero 2014, karamihan ng mga may sapat na gulang ay aatasan na kumuha ng pampubliko o pribadong segurong pangkalusugan o magbayad ng multa. Magiging mas malaki ang halaga ng multa sa tatlong taong panahon. Sa 2014, ang multa ay magiging 1 porsiyento ng taunang kita o $95 bawat tao, alinman ang mas malaki. Para sa mga may sapat na gulang na may mga anak, ang multa para sa kawalan ng pagsakop ng seguro para sa bata ay $47.50. Bago lumampas ang 2016, ang multa ay magiging 2.5 porsiyento ng kita o $695 para sa isang tao, $2,085 para sa isang pamilya, alinman ang mas malaki.

Ang Kakalanganing Gawin ng mga Negosyo. Ang mga pinagtatrabahuhan na may 50 o higit na full-time na empleyado na hindi nag-aalay ng segurong pangkalusugan na abot-kaya ng mga empleyado, o nag-aalay ng plano sa segurong pangkalusugan na hindi nakakatugon sa mga partikular na iniaatas, ay maaaring multahan simula sa 2015.

Ang mga pagbabagong ito sa segurong pangkalusugan ay inilagay upang matiyak na ang mga mamimili ay makakakuha ng pangangalagang kailangan nila, kapag kailangan nila ito.

Ilang mga Pagbabago sa mga Plano sa Segurong Pangkalusugan

Ang Affordable Care Act ay nag-aatas na baguhin ng mga kompanya ng segurong pangkalusugan ang ilan sa kanilang mga gawain. Kasabay nito, ito ay nagpoprotekta sa mga karapatan ng mga mamimili na panatilihin ang pagsakop ng seguro na taglay na nila bago ipinasa ang batas.

Sa ilalim ng Affordable Care Act, lahat ng mga plano sa segurong pangkalusugan ay dapat sumunod sa mga partikular na tuntunin.

Mga pagtaas ng presyo. Ang mga kompanya ng segurong pangkalusugan ay dapat magbigay ng dahilan para sa anumang pagtaas sa mga hulog. Ang mga kompanya ng seguro ay dapat gumasta ng 80 porsiyento ng perang natatanggap nila mula sa mga hulog sa paghahatid ng mahusay na pangangalagang pangkalusugan, hindi sa mga gastos na tulad ng mga suweldo at anunsiyo.

Walang mga Limitasyon sa Pangangalagang Pangkalusugan na Tatanggapin ng Isang Tao sa Buong Buhay Niya. Ang mga kompanya ng segurong pangkalusugan ay hindi maaaring magtakda ng limitasyon sa dolyar na halaga para sa mga pangunahing benepisyong pangkalusugan sa buong buhay ng isang tao.

Panghadlang na Pangangalaga. Lahat ng mga bagong plano sa segurong pangkalusugan ay dapat sumakop sa panghadlang na pangangalaga at mga pagsusuring medikal, tulad ng mga mammogram at colonoscopy, gayon din ng mga serbisyo sa mga babae tulad ng suporta sa pagpapasuso, kontrasepsiyon at pagsusuring kaugnay ng karahasan sa tahanan. Ang mga kompanya ng segurong pangkalusugan ay hindi maaaring sumingil ng mga copayment (kabahagi sa bayad), coinsurance (kasamang seguro) o mga deductible (mga ibinabawas) para sa mga naturang serbisyo.

Mga Mahahalagang Benepisyong Pangkalusugan. Ang bagong bentang mga plano sa segurong pangkalusugan ay dapat sumakop sa mga serbisyong pumapatak sa 10 kategoryang ito ng mga mahahalagang benepisyong pangkalusugan:

- **ambulatoryong pangangalaga sa pasyente**
- **mga serbisyong pang-emerhensiya**
- **pagpapaospital**
- **pangangalaga sa panganganak at bagong silang**
- **paggamot sa sakit na may kaugnayan sa kalusugan ng isip at pag-abuso ng substansiya**
- **mga iniresetang gamot**
- **mga serbisyo at kagamitan sa rehabilitasyon at habilitasyon**
- **mga serbisyo ng laboratoryo**
- **mga serbisyo sa paghadlang sa sakit at pagpapanatili ng kalusugan at suporta sa may di-gumagaling na sakit**
- **mga serbisyo sa mga bata, kabilang ang pangangalaga ng ngipin at paningin**

Mga Bagong Kasangkapan na Mapipili. Ang mga planong pangkalusugan ng Covered California ay pagsasama-samahin batay sa presyo at kahalagahan, gamit ang hindi pabagu-bagong impormasyon upang ang mga taga-California ay makagawa ng masusing mga paghahambing ng mga plano, makita ang mga inaasahang gastos nang mas madali at makuha ang pagsakop ng seguro na kailangan nila

Magkakaroon ng apat na basikong antas ng pagsakop ng seguro: Platinum, Gold, Silver at Bronze. Habang lumalaki ang pagsakop ng seguro, gayon din ang buwanang hulog, pero ang presyo kapag tumanggap ang isang tao ng pangangalagang medikal ay karaniwang mas mababa. Ang mga taga-California ay makakapiling magbayad ng mas mataas na buwanang presyo upang sa pagdating ng pangangailangan nila ng pangangalagang medikal, magbabayad sila ng mas mababa. O makakapili silang magbayad ng mas mababang buwanang presyo, na nangangahulugang kapag kailangan nila ng pangangalagang medikal, magbabayad sila ng mas mataas. Ang bawat tao ay makakapili.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang www.CoveredCA.com o tumawag sa (888) 975-1142.

COVERED CALIFORNIA™

CoveredCA.com

Ang Covered California ay ang bagong online na "pamilihan" na gagawing payak at abot-kaya ang pagbili ng mahusay na segurong pangkalusugan at pagkuha ng pinansiyal na tulong sa pagbabayad nito.

Bersiyon: Agosto 2013